



Region III

PAG-AALAGA NG ▶▶▶ BIBE





Ang pag-aalaga ng bibe ay dumaaan sa makabuluhang mga pagbabago sa sistema ng produksyon. Dahil sa lumalaking populasyon ng bibe ay lumalawak na ang lupang ginagamit sa pag-aalaga ng bibe na umabot na sa baybayin ng laguna at sakahan ng palay.

Ang popular na “*balut*” ang tanging inaasahan sa industriya ng pag-aalaga ng bibe. Ang *balut* ay itlog ng bibe na kung saan nililimliman sa loob ng 17-18 na araw. Nauso na rin ang pagluluto ng iba’t ibang potahe sa ilang parte ng bansa na kung saan ang pangunahing sangkap ay ang balut, tulad ng adobo, at afritadang balut.

Ang industriya ng bibe ay hindi lamang sa itlog kundi pati sa produksyon ng karne nito. Ang produksyon ng bibe ay isang kapakipakinabang na oportunidad para sa mga namumuhunan dahil sa mataas nitong pangangailangan sa lokal at banyagang merkado.

Uri ng bibe

I. Egg- type ducks

a. ***Native/Pateros Duck*** - Ang native/pateros duck o mas kilala sa tawag na itik ay ang pinakapopular sa lokal na merkado. Bagamat ito ay maliit kumpara sa lahi ng mga bibe sa ibang bansa, ang itik ay magandang mangitlog at non-sitter. Ang mga itlog nito ay malaki at tamang-tama sa

paggawa ng balut.

Kadalasan, ang kulay ng mga ito ito ay itim o kaya ay kulay abo. Ang lalaking itik ay mayroong magaspang na ulo at mabigat na katawan na di tulad ng babaeng itik.

b. **Khaki Campbell Duck** - Ang katangian ng bibeng ito ay kulay kayumanggi , aktibo, at marunong lumangoy. Ito ay maganda ring mangitlog at nakakapangitlog ng mahigit sa 300 itlog kada taon at ang itlog nito ay mas malaki kaysa sa ibang itlog ng ibang bibe, makapal ang shell at may timbang na 70-75 gramo kada itlog.

c. **Commercial Hybrid Duck** - Ito ang kauna-unahang hybrid egg-type na bibe na mas kilala sa tawag na CV 2000 na nabuo sa *Cherry Valley farms, England*. Ito ay may puting balahibo at maaari ng mangitlog sa loob ng 20 linggo. Ito ay may bigat na 1.50 kg. kapag malapit ng mangitlog at nakakapangitlog ng 285 sa loob ng 72 na linggo.

d. **Indian Runner** - Ang lahing ito ay nagmula sa *East Indies* at nabuo ang produksyon ng itlog nito sa *Western Europe*. Normal lang sa bibeng ito ang mataas na pustura at leeg. Mahaba ang likod, tuwid, at makitid. Ang babaeng bibe ay may bigat na 1.4 kg. Samantalang ang lalaki ay may bigat na mula 1.6 hanggang 2.3 kg.

e. **Tsaiya**- ang lahi ng bibeng ito ay nabuo sa *Taiwan*. Ang orihinal na lahi nito ay dating maitim ang leeg na ngayon ay puti na. Ang kayumangging kulay ng bibe ay hinihiwalay at pinapalaki para sa iba't ibang pangunahing uri ng produksyon, habang ang puting uri naman ay binuo para sa produksyon ng mola na bibe

II. Bibe na pang karne

a. **Muscovy Duck (pato) meat type**- Ito ay madaling

makikita sa pamamagitan ng kanyang carunculated na mukha o pula, may umbok ng maliit na buhol sa kahabaan ng mga mata. Di tulad ng ibang lahi ng bibe, ang pato ay may mababang produksyon ng itlog ngunit ito ay mas madaling alagaan kumpara sa *Pateros duck*. Nangigitlog sa loob ng 33 hanggang 35 na araw.

b. **Peking Duck** - Ito ay isang native na bibe ng *China* na kung pinaparami para sa karne. Madalas itong pinagkakamalang gansa dahil sa tuwid na katawan nito. Magandang mangitlog ang mga Peking ducks at ang mga sisiw nito ay maaari ng ibenta sa merkado kapag sa loob ng dalawa hanggang tatlong buwan.

Pabahay

Magtayo ng kulungan ng bibe sa may kalamigang lugar. Mas mainam kung ito ay malapit sa sapa o lawa. Ang mga kinakailangan sa pagtatayo ng kulungan tulad ng



kawayan, nipa, at cogon ay makakatulong upang palamigin ang kulungan. Karaniwan ding ginagamitan ng plastic ang kulungan na magsisilbing sahig nito. Siguraduhing mataas sa lupa ang sahig ng kulungan at maganda ang pagkakagawa ng kulungan upang magkaroon ng magandang bentilasyon na makakiwas sa pagkakasakit ng mga bibe.

Paghiwa-hiwalayan ang mga bibe ayon sa kanilang laki o edad upang mapadali ang pamamahala ng mga ito at maiwasan ang pag-aaway-away na karaniwang nangyayari sa mga bibe na may iba't-ibang edad. Kadalasang tinutulak ng mga matatandang bibe ang mga batang bibe tuwing pinapakain ang mga ito.

Paghiwalayin ang kulungan ng mga bibe sa pamamagitan ng pagbabakod ng kawayan o kaya ay *plastic wire mess*.

Sa free range na pamamaraan, ang mga kinakailangan na materyales para sa paggawa ng kulungan ay *canvass*, kawayan, *fishnet*, dayami at pinagbalatan ng bigas para sa pugad. Sa paraan na ito, mapapadali para sa nag-aalaga ng native ducks ang paglilipat ng mga bibe sa ibang lugar kung



saan nandoon ang kanilang pagkain.

Tamang pagpili para sa pagpapalahi

Pumili ng masiglang bibe para sa pagpapalahi. Pumili ng mga ipapalahi kapag ang mga ito ay nasa walong linggong tanda na at nasa apat hanggang limang buwang tanda na ang mga bibe bago ilagay sa kulungan ng pagpapalahi.

Ang mga itlog na gagamitin sa pagpapapisa ay dapat na nanggaling sa bibe na hindi kukulang sa pitong buwang tanda para masigurado ang magandang *fertility*, *hatchability* at *livability* ng mga sisiw.

Ang mga lalaking bibe ay dapat na kasing tanda lamang ng babaeng bibe o kaya ay may isang buwang tanda ito. Ang mga lalaking bibe ay dapat na naka hiwalay sa mga babaeng bibe at pagsasamahin lang ang mga ito kapag maaari na sa pagpapalahi.

Ang mga *Pateros Ducks* ay nagsisimula ng mangitlog kapag ang mga ito ay nasa apat hanggang anim na buwan na. Ang *Muscovy at Peking Duck* naman ay nagsisimulang mangitlog kapag nasa anim hanggang pitong buwan na ang mga ito.

Pagpapapisa

Ang panahon ng paglilimlim sa mga itlog ng bibe ay 28 araw, pwera *Muscovy* na nasa 33 hanggang 35 na araw. Ang mga lahi ng bibe na may mataas na antas ng pagpapangitlog ay ang mga *non-sitters* at ang mga itlog ng mga ito ay napipisa sa pamamagitan ng artipisyal na limliman.

Ang *Muscovy* ay isang natural na inahin. Ang mga babaeng *Muscovy Ducks* ay nangingitlog at naglalahi sa sarili nitong sisiw na kahit walang tulong sa lalaking bibe. Ang mga native at pateros na bibe nman ay *non-sitter*, kaya ang

mga itlog ay nilimliman sa ilalim ng native na pamamaraan ng paglilimlim na tinatawag na balutan o ginagamitan ng demakina na limliman.

Ang *balutan (tuong)* o pangitlugan ay isang simpleng kulungan na gawa sa kawayan, kahoy, o kaya ay *hallow blocks* at bubungan na gawa sa nipa okaya ay yero.

Pag-aalaga sa sisiw

Ang mga sisiw ay kailangang painitin sa pamamagitan ng natural o kaya ay paggamit ng artipisyal na pamamaraan hanggang sa mga ito ay may isang buwan na.

Pagkatapos alisin ang mga sisiw sa limliman, ilipat ang mga ito sa matigas na mga kahon. Ilagay ang mga kahon sa *brooding room* na kung saan ay *draft free at rat-proof*. Kung walang kahon na paglalagyan, palakihin ang mga sisiw sa kulungan na binalutan ng dayami ang sahiq.

Kinakailangan ng init sa *brooding* ng sisiw, kapag medyo malamig tuwing gabi, lalo na sa buwan ng Enero at Pebrero, ang artipisyal na init ay kinakailangan. Maaari ding gumamit ng *kerosene lamps* o *electric bulbs* para sa *brooding*.



Pagpapakain

Sa unang araw ng mga sisiw, pakainin ang mga ito tuwing gabi. At simulang bigyan ng pag-iinuman sa ikalawang araw ng mga ito. Sa ikalimang araw, lagyan ng tinadtad na maliliit na hipon ang pinakuluang kanin. Makakatulong ito upang magkaganang kumain ang mga sisiw na makakatulong sa paglaki ng mga ito.

Ang apat hanggang limang beses na pagpapakain kada araw ay sapat lang para sa mga sisiw na nasa dalawang linggo palang. Bigyan ng malinis na tubig na iinumina ng mga sisiw pagkatapos kumain ng mga ito.

Ang mga bibe ay mapag-aksaya at marumi tuwing pinapakain. Mag lagay ng maayos at sapat na *feeding hopper* upang maiwasan ang pagkaaksaya ng pagkain.

Sa *free range* na pamamaraan naman, ang mga native na bibe ay kumakain lamang ng natural na pagkain. Gayunman, kapag hindi sapat ang mga pinagkukunang pagkain ng mga ito, bigyan ang mga bibe ng *supplemental food* tulad ng *rice bran*, *snail*, *formulated feeds*, at iba pang lokal na pagkain para mapanatili ang magandang paglaki, malusog, at mapataas ang produkisyon ng itlog.

Paggawa ng Balut

Pumili ng itlog sa pamamagitan ng pagpitik. Pitikin ang itlog upang malaman kung may basag ito o manipis ang balat nito. Ang itlog na may basag ay may hagubhob na tunog, ang itlog na may manipis na balat ay may malutong na tunog.

Ang mga may makapal na itlog lamang ang maaaring gamitin para sa paggawa ng balut dahil maaaring magkaroon ng problema kapag pinanatili at inalis ang mga ito sa tuong.

Kinakailangan ng init upang mabuo ang embryos. Ang inihaw o mainit na palay na nasa **107 F** o **43 C** na temperatura sa tangke o kaldero. Alisin ang palay kapag maari pang hawakan ito kapag inalis ito.



Ang mga itlog na may mahinang embryo ay





kinakailangan muna ng 18 hanggang 20 araw bago ilabas, ang mga ito ay inilaga at ibinibenta.

Ang mga itlog na may magandang kalidad ay inilalagay sa balutan sa 28 na araw. Pagkatapos ng 20 araw, ang mga sako ng palay ay hindi na pinapainit dahil ang *embryo* ay makapaglilikha na ng sapat na init upang mapanatili ang init ng mga ito.



Sa pagggamit ng *kerosene* o *electric* na limliman sa pagpipisa ng mga itlog, panatiliin ang **100 F** na temperatura at halumigmig mula **85 F** hanggang **86 F**.

Sa panahon ng pagpapalimlim, iikot ang mga itlog tatlo hanggang apat na beses kada araw upang mapanatili ang porsyento ng pagpisa.

Itlog na maalat

Pumili ng malinis, walang basag, at may makapal na balat. Maghanda ng isa't kalahating (1/2) baso ng asin kada litro ng pinapakuluhang tubig at hayaang lumamig ang tubig. Ibihos at salahin ang pinakulong tubig sa magkaibang lagayan gumamit ng damit sa pagsala.

Hugasan ang mga itlog sa malinis na tubig. Ayusin ang mga itlog sa *plastic* o *jar* at ibuhos ang *saline mixture* hanggang lumubog ang mga itlog.

Iwanan ng 12-18 na araw. Lutuin ang mga itlog sa kumukulong tubig mula apat hanggang anim na oras at hayaang lumamig.



Pag-iwas sa sakit

Kuhanin lamang ang mga malulusog at masiglang *day-old* na bibe at *pullets*. Ang malusog na *day-old* na sisiw ay dapat aktibo, maliksi at tuyo ang pakpak. Ang *pullets* naman na nangaling sa magandang free range flocks ay dapat malakas, pare-pareho ang sukat at katawan, mataba may pare-parehong haba at itsura ng pakpak.

Iwasang maghalo ang mga bibe na hindi magkakapareho ang edad sa kulungan. Ihiwalay ang mga may sakit at pilay sa mga malusog. Bigyan ng balanseng nutrisyon ng pagkain at sapat na malinis na tubig na magsisilbing inuman ng mga ito. Panatilihin ang kalinisan ng kulungan. Iwasang paghaluin ang mga naunang bibe sa mga bago palang. Sanayin ang istriktong kalinisan at seguridad na proseso.



Inihanda ng Regional Agricultural Information Section at ng DA RFO-3 Livestock Program

Para sa karagdagang impormasyon makipag-ugnayan sa aming tanggapan:



facebook.com/DARFO3



(045)-963-6726



da_rfu3@yahoo.com



rfu3.da.gov.ph